REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCIAL GOVERNMENT OF BULACAN
CITY OF MALOLOS

PROVINCIAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL

20 Mayo 2026

**MEMORANDUM** : **DRF-05202026 - 214**

**PARA SA** : **LAHAT NG PUNONG BAYAN/PUNONG LUNGSOD**
**LAHAT NG PAMPUBLIKO AT PRIBADONG PAARALAN**
Lalawigan ng Bulacan

Reproduction No. 020 s. 2026
For dissemination and compliance.

CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI
Schools Division Superintendent

**PAKSA** : **MGA PAYONG PANGKALIGTASAN KAUGNAY NG NARARANASANG INIT NG PANAHON**

---

Ito ay patungkol sa mataas na *heat index* na nararanasan at nakaaapekto sa buong bansa at sa Lalawigan. Ayon sa *Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) Heat Index Station* sa San Ildefonso, Bulacan, ang kabuuan ng Lalawigan ay makararanas ng may *average* na ***42-46 degrees Celsius*** na temperatura at inaasahang mananatili sa mga susunod na araw. **Kaugnay nito, ang *latest* na *forecast* ng *heat index* para ngayong araw, Mayo 20, 2026 ay** *45 degrees Celsius.* **Para bukas, Mayo 21, 2026 ay inaasahan din na umabot ng** *46 degrees Celsius* **o parehong nasa kategoryang "*danger*".**

Batay sa rekomendasyon ng *PDRRMC,* upang matiyak ang kaligtasan at mapangalagaan ang kalusugan ng ating mga kalalawigan ay hinihiling na sundin ang mga sumusunod na payong pangkaligtasan:

1. Limitahan ang oras sa labas ng opisina lalo na mula ika-10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon;
2. Uminom ng maraming tubig sa buong araw;
3. Gumamit ng payong, sumbrero at damit na may manggas kapag lumalabas; at
4. Isagawa ang mabibigat na gawain sa malamig na oras ng araw, o sa mga lilim na lugar.

Hinihiling din sa inyu-inyong *City/Municipal Disaster Risk Reduction and Management Offices (C/MDRRMO)* ang mga sumusunod:

1. Mag-*monitor* ng kalagayan ng inyong mga nasasakupan;
2. Tiyakin ang pagsasagawa ng kinakailangang paghahanda upang tumugon sa mga *emergencies* tulad ng pagkakaroon ng sunog at gayundin ang maraming magkahilo dahil sa init; at
3. Panatilihing bukas ang inyong *Emergency Operations Center 24/7,* ang lahat ng impormasyon at babala ay maayos na naipapamahagi sa publiko at ang lahat ng uri ng *telecommunications* ay gumagana.

*Mangyaring* makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Punong Lalawigan o sa *PDRRMC* kung sakaling may malalaman na nangangailangan ng tulong ng ating pamahalaan.

Para sa inyong mahigpit na pagtalima.

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan at *PDRRMC Chairman*

# BULACAN PDRRMO
Provincial Disaster Risk Reduction & Management Office
# WEATHER ADVISORY

EMERGENCY DIAL 911

"HEAT INDEX" MIYERKULES MAYO 20, 2026

## Kalagayan ng Panahon at Babala sa Tag init sa Bulacan

**Mayo 20, 2026**
**45 °C**

**Mayo 21, 2026**
**46 °C**

### MGA PAYONG PANGKALIGTASAN

- Limitahan ang oras sa labas.
- Uminom ng maraming tubig.
- Gumamit ng payong, sombrero at damit na may manggas.
- Isagawa ang mabibigat na gawain sa malamig na oras ng araw.

### HEAT INDEX

| | |
|---|---|
| 27-32 °C Caution | Maaaring makaranas ng pagkapagod dahil sa matagal na pagkababad at pisikal na aktibidad. Ang patuloy na aktibidad sa init ay maari ring magdulot ng heat stroke. |
| 33-41 °C Extreme Caution | Maaaring maranasan ang heat cramps at heat exhaustion. Ang patuloy na aktibidad sa init ay maaaring humantong sa heat stroke. |
| 42-51 °C Danger | Maaaring maranasan ang heat cramps at heat exhaustion. Ang patuloy na pagkababad sa init ay maaaring mauwi sa heat stroke. |
| 52 °C and Beyond Extreme Danger | Posible ang heat stroke. |

PINAALALAHANAN ANG LAHAT NA MAGING ALERTO AT HINIKAYAT ANG HIGIT NA PAG BABANTAY AT PAG IINGAT. SALAMAT PO!

facebook.com / pgbulacan I govdanielfernando I Bulacan PDRRMO